



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG ISANG KARANIWANG
PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY NANG IKA-11
NG NOBYEMBRE 1999, SA BULWAGANG KAPULUNGAN, SA
GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

MGA DUMALO:

Kgg. Adelina T. Reyes	-	Tagapangulo/Pangalawang Punong Bayan
Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr	-	Konsehal
Kgg. Randy S. San Juan	-	"
Kgg. Anastacio V. Alcantara	-	"
Kgg. Carlito G. Gonzaga	-	"
Kgg. Ceferino R. Resurreccion, Jr	-	"
Kgg. Janet DL. Mercado	-	"
Kgg. Felimon M. Santos	-	"
Kgg. Andres C. Cruz, Jr	-	ABC. President
Kgg. Aldin B. Gatapia	-	SK. President

LUMIBAN:

Kgg. Noel Ireneo E. Reyes	-	Konsehal (on leave)
---------------------------	---	---------------------

MAY AKDA:

Kon. Ceferino R. Resurreccion, Jr

MGA KATUWANG:

Pang. Punong Bayan. Adelina T. Reyes M.D.
Kon. Fernando R. Cabitac, Jr
Kon. Randy S. San Juan
Kon. Anastacio V. Alcantara
Kon. Carlito G. Gonzaga
Kon. Janet DL. Mercado
Kon. Felimon M. Santos
ABC Pres. Andres C. Cruz, Jr
SK. Pres. Aldin B. Gatapia

KAUTUSAN BILANG. 41

"PAGTATAKDA NG MGA BAYARIN SA PAMASAHE SA MGA PAMPASAHERONG TRICYCLE"

Napagkapatayan, ng Sangguniang Bayan ng Taytay, ayon sa mga alituntunin nito, na magtakda ng mga bayarin na nauukol sa pamasaheng mga pampasaherong tricycle, ayon sa mga sumusunod:

SEKSYON 1. TAKDA NG MGA PAMASAHE

A). Karaniwang biyahe – mula sa paradahan

(a.1) pinakamababang pasahe ng isang pasahero... P 3.50

(a.2) para sa estudyante at matatanda P 3.00

B). Di-Karaniwang biyahe – mula sa paradahan

(b.1) pinakamababang pasahe P 12.00

(b.2) para sa estudyante at matatanda P 10.00

SEKSYON 2. MGA KARAGDAGAN SA PAMASAHE

Ang mga karagdagan sa pamasahang ay ibabatay ayon sa layo at klase o' kundisyon ng mga lugar na patutunguhan. Kaya't inaatasan ang lahat ng mga samahan o' TODA o' paradahan na magsumite sa Sangguniang Bayan ng kani-kanilang "Takda ng mga Pamasahang" base sa kani-kanilang ruta at naaayon sa probisyon ng seksyon 1 nitong nasasaad na kautusan. Dapat nakasaad sa mga naturang "Takda ng mga Pamasahang" ang lahat ng uri ng mga pamasahang sa kanilang ipapataw sa kanilang mga pasahero sa iba't-ibang destinasyon, pati na ang lahat ng uri ng mga "di-pangkaraniwang biyahe".

SEKSYON 3. PAHINTULOT

Ang lahat ng mga "Takda ng mga pamasahang" ng bawat samahan o' TODA o' paradahan ay hindi pinapayagang ipatupad kung walang pahintulot ng Sangguniang Bayan ng Taytay.

SEKSYON 4. PAGPAPASKIL

Ang lahat ng mga aprobadong "Takda ng mga Pamasahang" ng bawat TODA ay dapat nakapaskil sa bukana ng kani-kanilang mga paradahan at sa loob ng bawat tricycle para makita ng mga pasahero.

SEKSYON 5. PARUSA

Ang lahat ng sinumang lumabag sa Kautusang ito ay papatawan ng multa ayon sa pagkasunod-sunod:

Unang Paglabag	P	100.00
Ikalawang Paglabag	P	150.00
Ikatlong Paglabag	P	200.00 at pagbawi sa prangkisa o' "Terminal Permit"



Handwritten signature or initials.

SEKSYON 6.

Ang Kautusang ito ay sumasaklaw sa mga naunang mga Kautusan na may kinalaman sa pamasahe sa pampasaherong tricycle;

SEKSYON 7.

Ang kautusang ito ay magkakabisa pagkatapos maaprobahan ng Sangguniang Bayan at maipamahagi at naipaskil sa mga paradahan ng mga tricycle.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-11 ng Nobyembre taong 1999, sa Bulwagang Kapulungan sa Gusaling Pambayan ng Taytay, Lalawigan ng Rizal.

PINATUNAYAN,

SONIA C. SAMSON
Kalihim ng Sang. Bayan

Ma. Lourdes P. Distor
MA. LOURDES P. DISTOR
Pansamantalang Kalihim ng Sang. Bayan

PINATOTOHANAN:

Adelina Tamayo-Reyes M.D.
ADELINA TAMAYO-REYES M.D.
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY NG PUNONG BAYAN

JUNE V. ZAPANTA
Punong Bayan